ANG Bayan

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Tomo LVI Blg. 1
Enero 7, 2025
www.philippinerevolution.nu



EDITORYAL

Labanan ang pang-aapi, pasismo at pagtatraydor ng rehimeng US-Marcos

Taglay ang hindi matitinag na determinasyon, at sa tanglaw ng pamumuno ng Partido, ubos kayang babagtasin ng malawak na masa ng sambayanan sa darating na taon ang mahirap na landas ng pakikibaka upang pag-ibayuhin ang kanilang paglaban sa korap, mapang-api, brutal at taksil sa bansa na rehimeng US-Marcos.

Palubha nang palubha ang kalagayan ng mayorya ng mamamayang Pilipino dahil sa mga pahirap at pabigat na patakaran at programa ng rehimeng US-Marcos. Sa nagdaang taon, lalong bumulusok ang kalagayang panlipunan at kabuhayan ng taumbayan. Dahil sa mga patakarang palaasa sa importasyon at pumapatay sa lokal na produksyon, halos walang patid ang pagsirit ng presyo ng pagkain, langis at mga saligang pangangailangan, pati na ang gastusin sa kalusugan, edukasyon at iba pang serbisyo.

Nagtetengang kawali si Marcos sa sigaw ng masang manggagawa para sa karampatang sahod na nakabubuhay sa kanilang mga pamilya. Hinahagisan niya ng barya ang mga manggagawa habang busog na busog ang mga dayuhang malalaking kapitalista. Kaliwa't kanan ang pangangamkam sa lupa ng mga magsasaka ng mga panginoong maylupa, at malalaking plantasyon at kumpanya sa pagmimina.

Inaagawan ng kabuhayan ang mga mamamalakaya, mga drayber at opereytor at iba pang sektor ng masang anakpawis. Kulang na kulang ang trabaho, laluna para sa mga kabataan, sa ekonomyang hindi industriyalisado. Kung anu-ano na lamang ang pinapasukang mapagkakakitaan ng milyun-milyong manggagawa at mayorya ng mga pamilyang nabubuhay sa kahig-tuka. Libu-libo ang araw-araw na napupwersang mangibang bansa para makipagsapalaran para kumita nang kaunti para sa kanilang mga pamilya.

Palala nang palala ang hindi pagkakapantay-pantay at inhustisyang panlipunan. Habang ang karamihan ay lumalaban para mabuhay sa gitna ng kahirapan, tuluy-tuloy namang nagpapakasasa sa kalabisan at luho si Marcos at ang kanyang mga korap na burukrata, pinapaburang mga kapitalista at malalaking panginoong maylupa. Ang pamilyang Marcos mismo ay nabubuhay sa layaw, maya't mayang paglabas ng bansa, mga piging at konsyerto sa Malacañang, paggamit ng helikopter para sa pribadong biyahe at iba pa. Nagkakamal sila ng mas malaking kayamanan sa pamamagitan ng korapsyon, mga kikbak,

pagsasamantala sa mga manggagawa at magsasaka, at pagdambong sa likas na yaman ng bansa.

Laluna sa harap ng parating na eleksyon, abala ngayon ang naghaharing pangkating Marcos sa konsolidasyon ng kanyang kapangyarihan para solohin ang poder. Ginagamit niya ito laban sa mamamayan at sa kanyang mga karibal sa pulitika. Sinisipa niya ngayon ang mga Duterte na inalyado niya sa pandaraya sa eleksyong 2022. Gayunman, nagbibingi-bingihan siya sa hinaing ng taumbayan na ipaaresto si Rodrigo Duterte at patalsikin si Sara Duterte upang mapagpasyang maparusahan sila sa laksang krimen ng pagpatay at pandarambong sa kabang-yaman ng bayan.

Walang-lubay ang brutal na gerang panunupil ni Marcos. Papatindi pa ang terorismo ng estado para gupuin ang kanilang pakikibaka. Sa tabing ng mga deklarasyong "insurgency-free," ipinapataw ni Marcos ang di-deklaradong batas militar sa libu-libong barangay sa kanayunan na mahigpit na kinokontrol ng kanyang mga pasistang utusan. Pinakikitid nang pinakikitid ni Marcos ang larangan ng pakikibakang ligal. Sa kanayunan man o kalunsuran, walang-habas ang sarbeylans, panggigipit, *Red-tagging*, pag-aaresto at pagsasampa ng mga gawa-gawang kaso laban sa masang naninindigan at lumalaban para sa makabayan at demokratikong interes ng bayan.

Sagadsarin ang pagtatraydor ni Marcos sa sambayanang Pilipino sa pagyuko niya sa kapangyarihan ng imperyalistang amo. Sa ilalim ng papet na si Marcos, walang kasing-garapal ang panghihimasok militar ng US. Bulag niyang sinusunod ang lahat ng kagusutuhan ng US, kabilang ang pagtatayo ng dagdag pang mga base militar at sikretong pasilidad. Ipinaiilalim niya ang reaksyunaryong sandatahang lakas sa utos at kontrol ng mga upisyal militar ng US. Ipinagagamit ni Marcos ang bansa sa US sa pagpapainit nito ng armadong hidwaan sa imperyalistang karibal na China, kabilang ang paglalayag ng mga dambuhalang armada ng US Navy sa loob mismo ng kapuluan ng Pilipinas.

Sa darating na taon at panahon, dapat lalong palakasin ng malawak na masa ng sambayanang Pilipino ang kanilang pakikibaka laban sa papet, pahirap at pasistang rehimeng Marcos. Dapat ubos-kayang pandayin ang determinasyon at kakayahan ng taumbayan na magbangon at magprotesta. Dapat nilang ipamalas ang kanilang galit sa pagkainutil nitong ibaba ang presyo ng pagkain at mga bilihin at kabiguang lumikha ng regular na trabaho para sa milyun-milyong manggagawa. Dapat nilang ipaglaban ang kanilang demokratikong kahingian para sa lupa, dagdag sahod at sweldo, kabuhayan at sapat na serbisyong panlipunan.

Puspusang patatagin ang determinasyon ng sambayanang Pilipino para basagin ang teroristang lagim ng rehimeng US-Marcos. Dapat nilang matapang na labanan sa lahat ng paraan ang pasismo ng estado. Bigyan ng boses ang lahat ng biktima ng mga pagpaslang at karahasang militar sa kanayunan at kalunsuran. Tipunin ang kanilang lakas sa sama-samang pagmartsa sa lahat ng dako ng bansa para isigaw at ipaglaban ang katarungan. Dapat tumindig ang buong bayan para sa karapatan at katarungan para sa lahat ng biktima.

Dapat ipamalas ng sambayanan ang patriyotikong galit kay Marcos, palakasin ang sigaw para lansagin ang lahat ng base militar ng US, alisin ang lahat ng sandatang pandigma ng US na iniimbak nito sa Pilipinas, tutulan ang mga pagsasanay sa gera, at palayasin ang lahat ng tropang Amerikano, pati mga tropa ng Japan na kinakaladkad ng US. Dapat ipaglaban ng bayan ang tunay na nagsasariling patakarang panlabas na nagtataguyod sa kapayapaan at dayalogo, partikular na para lutasin ang mga hidwaang pangkaragatan sa China.

Determinado ang Partido na pangibabawan ang mga kahinaan sa nakaraan at itaas ang kakayahan nito na malawakang pamunuan ang masa. Hinihikayat nito ang lahat ng kanyang kadre at ang rebolusyonaryong masa na ibayong pandayin ang kanilang determinasyon na palawakin at palakasin ang Partido, ang Bagong Hukbong Bayan at mga rebolusyonaryong organisasyong masa, isulong ang pambansa-demokratikong rebolusyon at ubos-kayang kamtin ang mga tagumpay ngayong taon at sa panahong darating. AB

ANG Bayan

Tomo LVI Blg. 1 | Enero 7, 2025

Ang Ang Bayan ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Tumatanggap ang Ang Bayan ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

Nilalaman

Editoryal: Labanan ang pang-aapi, pasismo at pagtatraydor sa bayan ng rehimeng US-Marcos 1
Mala-sakunang pinsala ng rehimeng US-Marcos 3
Ika-56 anibersaryo ng PKP, ipinagdiwang 4
Paglalayag ng USS Carl Vinson sa Pilipinas, tinuligs 4
Walang awat na paglabag sa karapatang-tao 5
Pagbukas sa *municipal waters*, binatikos 5
Sa madaling salita 6
Pakikiisa sa mga bilanggong pulitikal, palakasin 7
Militarisasyon sa komunidad sa Cebu 8
Last mile school: korapsyon at kontra-insurhensya 9
Imperyalistang panghihimasok sa Syria 10

Ang Ang Bayan ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

ang.bayan@cpp.ph

Mala-sakunang pinsala ang hatid ng rehimeng US-Marcos sa mamamayan

Hindi manigong bagong taon kundi dagdag na pahirap ang hatid ng rehimeng US-Marcos pagpasok ng 2025. Unang araw pa lamang ng taon, bumulagta na sa publiko ang panibagong serye ng pagtaas ng presyo ng mga bilihin at singil. Panibagong dagok ang mga ito sa kabuhayan at lumalalang kundisyon sa pamumuhay ng mamamayan.

Nagkabisa noong Enero 1 ang ikatlo sa serye ng pagtaas ng singil sa serbisyo sa tubig sa Metro Manila na ₱7.32 para sa Maynilad Water Services at ₱5.95 kada kubiko metro ng Manila Water Company. Nitong Enero 7, itinaas ang presyo ng kerosin at *diesel* nang ₱1 at ₱1.40/litro. Samantala, Enero rin ang pagsisimula ng pagtaas ng singil ng mga kumpanya ng kuryente batay sa inaprubahang pagtaas ng Energy Regulatory Board na ₱3.05 bilyon para sa buong taon.

Isinabay pa ang dagdag na 1% kaltas sa napakababa nang sahod ng mga manggagawa para sa Social Security System. Ang taas-singil na ito ay pang-apat na simula 2018, na nagtulak sa kaltas sa sahod ng ordinaryong mga manggagawa mula 12% tungong 15% kada buwan

Karugtong ang mga pabigat na ito sa mahabang listahan ng mga pahirap na ipinataw ni Ferdinand Marcos Jr mula nang maupo siya sa poder.

Sa nakaraang taon, hindi bababa sa 31 beses na itinaas ng mga kumpanya sa langis ang presyo ng mga produktong petrolyo. Nagresulta ito sa kabuuang pagtaas nang ₱13.05 sa kada litro ng gasolina, ₱11.30 kada litro ng *diesel*, at ₱6.95 kada kilo ng LPG (katumbas ng ₱83 kada 11-kilogramong tangke). Dagdag gastos ito sa pamamasada, pangingisda, pagtatanim, panggatong at pangkalahatang transportasyon. Noong Nobyembre 2024, iniulat ng mga drayber ng dyip na nabawasan nang hanggang ₱2,000 ang kanilang kita sa kada 25 araw na pamamasada. Nag-ulat naman ang mga mangingisda ng pagbabawas ng oras ng paglalayag mula 6-8 tungong 4-6 dahil sa taas ng presyo ng langis, na bumubuo sa 80% ng kanilang gastusin sa pangingisda.

Palaki nang palaki ang tubo ng mga kumpanya sa langis. Lumaki ang kita ng Petron, pinakamalaking kumpanya ng langis sa bansa, tungong ₱17.3 bilyon sa unang hati pa lamang ng 2024. Ang apat na kasunod na pinakamalalaking kumpanya ay tumabo naman ng ₱1.7-₱7 bilyon sa parehong panahon. Nakihati ang rehimeng US-Marcos sa supertubo na nakakamal sa mataas na presyo ng langis sa anyo ng patung-patong na buwis na binabalikat ng mga mamimili.

Pinahintulutan rin ng rehimen ang mga kumpanya sa kuryente na itaas nang anim na beses ang singil. Sa Metro Manila at kalapit na mga prubinsyang sakop ng kumpanyang Meralco, nagresulta ito sa pagtaas ng singil nang hanggang ₱2.07/kwh o dagdag na ₱415.02/buwan sa isang pamilyang kumukonsumo ng 200 kwh bawat buwan. Kinakain nito ang hanggang 17% ng minimum na sahod ng isang manggagawa. Sa ibang bahagi ng bansa, may panahong sumirit tungong ₱19/kwh ang singil ng mga distribyutor ng kuryente.

Ipinagtanggol ng rehimen ang "pangangailangan" ng mga kumpanya na itaas ang singil para diumano "mabawi" ng mga ito ang mga pagtaas *generation charge* na dulot naman ng pagtaas ng presyo ng kuryente sa Wholesale Electricity Spot Market (WESM). Tulad ng langis, ang WESM ay monopolisado ng pinakamalalaking burgesya kumprador, na may mga sapi, kundiman direktang nagmamay-ari ng mga kumpanyang distribyutor. Isa sa mga kumpanyang ito ang Meralco na lumilikha at nagbebenta ng enerhiya sa WESM sa pamamagitan ng Meralco PowerGen Corporation at Cebu Energy Development Corporation, at pumapasok sa mga Power Supply Agreement sa sarili nitong mga kumpanya.

Habang nagkakandakuba ang mamamayan na kumita para di sila maputulan ng serbisyo, ipinagmalaki ng Meralco na maaabot nito ang ₱43 bilyong netong kita na target sa 2024, na 17% mas malaki kaysa kita nito noong 2023.

Noong 2024, umabot sa ₱7.87 kada kubiko metro ang dagdag singil

Sundan sa pahina 4

Taas-presyo/singil sa 2025

	Produktong petrolyo	₱11.30-₱13.05/litro
	Tubig	₱6.41-₱7.87/kubiko metro
	Kuryente	₱2.0751 per kWh (Meralco)
	Panibagong kaltas ng SSS	₱750-₱1,220/buwan

Mula sa pahina 3

ng tubig sa Metro Manila. Pangalawa ito sa 5-andanang taas-singil na nagsimula noong 2023. Bahagi ito ng inaprubahan ng Metropolitan Waterworks and Sewerage System (MWSS) na 5-taong programa upang "mabawi" ng mga kumpanya ang "malulugi" sa kanila dulot ng implasyon at upang dagdagan ang imprastruktura para sa "mas maayos" na serbisyo. Itinakda sa programa na pagsapit ng 2027 ay aabot sa ₱19.25 hanggang ₱20.37 kada kubiko metro ang kabuuang dagdag na singil, pero tatlong taon pa lamang ay pumalo na ito sa ₱18.48 at ₱20.40.

Liban sa dalawang kumpanya sa NCR, nagpatupad din ng matarik na pagtaas ng singil ang Davao City Water District nang hanggang 32%. Bahagi ito ng kabuuang 60% na pagtaas na ipinatupad ng kumpanya mula 2022. Nangahulugan ito ng ₱60-₱80 dagdag na singil sa mga pamilyang kumukonsumo ng 20 metro kubiko kada buwan.

Sa kabilang banda, napakaliit, kung meron mang alwan na ibinigay ang reaksyunaryong estado sa mamamayan. Kakarampot na ₱31.29 kada araw ang karaniwang dagdag sa sahod na ipinag-utos ng 14 na *regional wage board*. Pinakamababa ang dagdag-sahod para sa mga manggagawa sa agrikultura (₱21/araw) at pinakamataas sa di agrikultura (₱75/araw), sa Calabarzon. Siyam na rehiyon naman ang nagtaas ng sahod ng mga kasambahay ng ₱500-₱1,000/ buwan. Lubos itong insulto sa mga manggagawa lalo't nasa ₱1,200 na ang dapat na minimum na sahod para mabuhay nang disente ang isang 5-kataong pamilya.

Samantala, dinagdagan lamang nang higit ₱200 ang sweldo ng pinakamababang kawani sa kautusang inilabas ng rehimen sa maagang bahagi ng 2024. Hindi sinaklaw ng kautuang ito ang mga kawaning nakapailalim sa kaayusang *job order/ contract of service* at mga lokal na gubyerno. AB

Ika-56 anibersaryo ng PKP, ipinagdiwang

NAGLUNSAD NG MGA aktibidad ang iba't ibang yunit ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) at rebolusyonaryong masa kapwa sa kanayunan, mga kabayanan at kalunsuran sa bansa para ipagdiwang ang ika-56 anibersaryo ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP).

Sa Maynila, nagraling-iglap ang mga alyadong organisasyon ng National Democratic Front (NDF)-Metro Manila noong Disyembre 23, 2024 sa Recto Avenue para itanghal ang anibersaryo ng PKP. Sa martsa, nanawagan sila sa mamamayang Pilipino na isulong ang pambansa-demokratikong rebolusyon sa gitna ng tumitinding kahirapan at umiigting na girian sa pulitika ng naghaharing mga uri.

Sa Rizal, inilunsad ng NDF-Rizal ang Oplan-Sabit at Oplan-Dikit sa pagsisimula ng 2025. Tampok ang makukulay at kapansin-pansing mga balatenggang nagdiwang sa anibersaryo ng Partido na isinabit sa matataong sentro ng Antipolo City. Ikinasa rin nila ang maramihang pagkakabit ng mga istiker at namahagi ng polyeto tungkol sa BHB.

Ipinaabot din ng pambansang pamunuan ng Compatriots, Katipunan ng mga Gurong Makabayan at Makabayang Kilusan ng Bagong Kababaihan ang kanilang pagbati sa Partido. Mula naman sa internasyunal na mga partido at kaibigan ng PKP, nagpahayag na ng pagbati ang Communist Party of Australia (Marxist-Leninist), "Serve the People" (Vietnam), Anti-Imperialist Action Ireland, Communist Party of Canada (Marxist-Leninist), Friends of the Filipino People in Struggle at mga balangay nito mula sa iba't ibang bahagi ng mundo.

Paglalayag ng USS Carl Vinson sa soberanong karagatan ng Pilipinas, dapat tuligsain

NANAWAGAN ANG Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) sa sambayanang Pilipino na mariing tuligsain ang paglalayag ng US Carrier Strike Group (CSG) One sa Surigao Strait sa pagitan ng Leyte at Mindanao noong huling linggo ng Disyembre 2024. Garapal ang ginawang pagtawid nito sa soberanong karagatang sakop ng Pilipinas mula Pacific Ocean patungong West Philippine Sea.

Ang pormasyong nabal ng US, na pinangungunahan ng USS Carl Vinson *aircraft carrier*, ay isang halimaw panggera na may kakayahang magdala ng isang malaking nukleyar na arsenal. Dala nito ang tatlo pang barkong pandigma.

Samantala, tahasang pagpapakatuta sa imperyalistang US ang pag-anunsyo ng AFP at Department of National Defense na nagpaplanong bumili ng Typhon Mid-range Capability (MRC) *missile system* mula sa US. Noong Abril 2024, nagpwesto ang US ng Typhon *missile* sa hilagang bahagi ng Luzon na ginamit sa Balikatan *war games*. Hindi pa rin ito tinatanggal.

Kasunod nito, muling itinulak ni Surigao del Norte 2nd District Rep. Robert Ace Barbers noong Enero 2 na magkaroon ng Enhanced Defense Cooperation Agreement site sa kanyang prubinsya. Aniya, kailangan ito sa prubinsya dahil "bulnerable ang silangang bahagi ng bansa sa mga ismagler at dayuhang panghihimasok."

Ayon kay Marco Valbuena, upisyal sa impormasyon ng Partido, sukdulan ang pagpapakatuta ni Marcos sa imperyalistang among US sa pakikipagsabwatan sa paglapastangan sa soberanya ng Pilipinas. "Ipinakikita nito kung paanong ginagamit ang bansa bilang isang lunsaran ng mga operasyon ng US sa pagpapakita ng lakas sa Pasipiko at bilang tau-tauhan sa ginagawa ng US na pagpapatindi ng inter-imperyalistang tensyon," aniya.

Walang awat na paglabag ng AFP sa mga karapatang-tao

Sa gitna ng pagdiriwang ng kapaskuhan, walang awat ang pang-aatake ng mga yunit ng Armed Forces of the Philippines (AFP) sa mamamayang Pilipino. Noong huling mga araw ng Disyembre 2024, walang patid ang mga kaso ng pagpatay, pag-aresto at paglabag sa internasyunal na makataong batas ang mga berdugo.

Pagpatay. Binaril at pinatay ng mga sundalo ng AFP na naka-istasyon sa Barangay Paguihaman, Uson, Masbate ang dalawang binatilyong papauwi lamang galing sa isang Christmas party sa naturang barangay noong madaling araw ng Disyembre 27, 2024. Kaagad namatay ang 18-anyos na si Redjan Montealegre, residente ng katabing Barangay Mongahay, at 14-anyos na si JP Osabel, residente ng Barangay Mabini. Pareho silang binaril sa ulo.

Inamin mismo ng mga sundalo ang pagpatay sa dalawa. Anila, akala nilang mga armadong mandirigma ng BHB ang mga biktima.

Pag-aresto. Tatlong manggagawang pangkaunlaran na may kaugnayan sa Paghida-et sa Kauswagan Development Group Incorporated (PDG Inc) ang inaresto ng mga pulis noong Enero 2 sa Negros Occidental. Sina Federico Salvilla, Perla Jaleco at Dharyll Albanez ay inaresto sa mga kaso ng "terrorism financing" o paglabag sa Terrorism Financing and Suppression Act of 2012.

Ang PDG Inc ay isang organisasyon sa sentral at timog na bahagi ng Negros Island na nagsusulong ng karapatan ng mga magsasaka at mga mangingisda para sa sustenableng agrikultura at repormang panlipunan.

Paglabag sa internasyunal na makataong batas. Noong Oktubre 31, 2024 buhay na nadakip ng 12th IB si Alvin Panoy (Ka Benmar) sa naganap na engkwentro sa Sityo Hilwan, Barangay Manika, Libacao, Aklan. Itinali siya ng mga sundalo at kasunod na sumigaw ang mga ito ng "advance happy new year" at nagpakawala ng sunud-sunod na putok ng baril. Hinamon pa ng mga sundalo na bawiin ang bangkay ng Pulang mandirigma mula sa kanila.

Noong Disyembre 10, 2024, tinadtad ng bala ng 12th IB ang bangkay ni Jyrel Katipunan (Ka Jason) na napatay sa isang engkwentro noong Disyembre 9 sa Barangay Tacayan, Tapaz, Capiz. Ayon sa BHB, isang tama lamang ng bala sa katawan ang natamo ni Ka Jason na kaagad niyang ikinamatay. Inihimlay nila ang bangkay sa isang liblib na lugar, upang ipakuha sa kanyang mga kaanak subalit natuklasan ito ng mga pasistang sundalo noong sumunod na araw.

Sa Oriental Mindoro, ilang araw na ginipit at pinahirapan ng 4th IB ang pamilya ng Pulang mandirigmang namartir na si Marife Gayadan, isang Mangyan-Iraya, mula nang simulan nilang bawiin ang bangkay ng kaanak. Namartir si Gayadan sa isang engkwentro ng 4th IB at Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa Sitio Tinisan, Barangay San Vicente, Roxas, Oriental Mindoro noong Disyembre 18, 2024. Sa huli, itinakas ng mga sundalo ang bangkay ng martir at kanyang mga kaanak para "iuwi" sa kanilang bahay. Hanggang sa burol ay binantayan sila ng mga sundalo.

Demolisyon. Marahas na dinemolis ng higit 100 bayarang maton ang kabahayan sa Dalat, San Roque, Bangkal, Davao City noong Disyembre 21, 2024. Ayon sa Kalipunan ng Damayang Mahihirap (Kadamay)-Davao, tatlong residente ang nasugatan sa marahas na paggiba sa mga bahay sa komunidad. Mula ang mga tauhan ng demolisyon sa lokal na gubyerno.

Panggigipit. Minanmanan at ginipit ng mga tauhan ng National Task Force (NTF)-Elcac ang kanilang pangkalahatang kalihim ng Gabriela-Southern Tagalog na si Krizia Cirujano noong panahon ng kapaskuhan. Pinuntahan ng dalawang lalaki na tumangging magpakilala ang bahay ng pamilya ni Cirujano sa Dasmariñas City, Cavite noong Disyembre 19, 2024.

Atake sa unyon. Iligal na tinanggal ng kapitalista ng Paperland Inc. ang presidente ng unyon dito na Militanteng Manggagawa ng Paperland Inc. (MMPI-ANGLO-KMU) noong Disyembre 22, 2024. Sinibak sa trabaho si Renato Ayroso dahil sa kanyang pagtindig para sa kanilang *collective bargaining agreement* (CBA) at iba pang mga karapatan ng manggagawa. Ginamit na kaso ng kapitalista laban kay Ayroso ang "insubordination" o hindi pagsunod sa atas ng awtoridad. Matagal nang pinag-iinitan si Ayroso dahil sa kanyang paglaban para sa CBA, Occupational Safety and Health (OSH) inspeksyon at iba pang karapatan ng mga manggagawa. AB

Pagbukas sa *municipal waters* sa komersyal na pangingisda, binatikos

MARIING KINUNDENA NG mga grupong mamamalakaya ang pagkatig ng Korte Suprema sa petisyon ng isang kumpanya na ibukas ang *municipal waters* sa pandarambong ng malaking komersyal na pangisda. Ang *municipal waters* ay karagatang saklaw ang 15 kilometro mula sa baybay.

Ayon sa Pamalakaya, pipinsalain ng desisyong ito ang kabuhayan ng nasa 2 milyong mamamalakaya. Hindi kayang makipagkumpetisyon ng maliliit na mangingisda na gumagamit ng tradisyunal at manwal na mga pamamamaraan ng paghuli ng isda sa mga abante, at kadalasan ay mapaminsala, na mga kagamitan at teknolohiya ng komersyal na mangingisda, anito.

Dahil sa abanteng kagamitan, mabilis na nasasaid ng malalaking barkong pangisda ang lahat ng klase ng yamang-dagat.

SA MADALING SALITA

128%

depisit ng pambansang badyet noong Nobyembre, katumbas ng **₱1.18 trilyon**.

6%

o 11 lamang sa 186 mayor na proyektong imprastruktura ang magtutuluy-tuloy ang konstruksyon sa 2025.

Kinukwestyon ng marami ang napakalaking alokasyon para rito sa pambansang badyet.

3 na ang isinampang ***impeachment complaint*** laban kay Sara Duterte noong Disyembre 2024.





57%

ang tinatayang tantos ng kahirapan sa hanay ng mga bata (*child poverty*), doble sa unang mga pagtaya.

Pinagkunan: PIDS

97.94%

ang nagastos ng DAR sa badyet para sa CLOA noong 2022 pero 32.94% lamang ang nakamit nitong target para sa pagpaparehistro.

Pinagkunan: COA

₱194 B

kakarampot na tinapyas ni Marcos sa badyet sa imprastruktura sa 2025 badyet para lamang palabasing mas mababa ito kumpara sa badyet sa edukasyon.

1,000

molinohan ng palay at mais ang nagsara mula 2012-2022, pinakamarami matapos isabatas ang liberalisasyon ng importasyon ng bigas na nagresulta sa pagbagsak ng produksyon ng palay at mais.

Pinagkunan: 2022 Census of Agriculture and Fisheries



15,000

lamang ang dagdag na klasrum na balak itayo ng DepEd sa 2025, gayong 250,000 ang kakulangan sa buong bansa.

Palakasin ang pakikiisa ng bayan sa mga bilanggong pulitikal



Hindi nahahadlangan ng mga rehas na bakal at kampanyang panunupil ng rehimeng Marcos ang patuloy na pag-aalab ng diwang makabayan at pakikibaka ng mga bilanggong pulitikal sa Pilipinas. Makatwiran lamang na tugunan ito ng sambayanang Pilipino ng hindi nagmamaliw na suporta at pakikiisa.

Ang mga bilanggong pulitikal ay biktima ng walang-patumanggang kontra-rebolusyonaryong digma na inilulunsad ng reaksyunaryong estado. Sila ay dinakip at ipiniit dahil sa kanilang pakikipaglaban para sa interes ng masang anakpawis. Sinampahan sila ng mga kasong kriminal upang itangging pulitikal ang kanilang mga kaso. Ang kanilang patuloy na pagkapiit ay paglabag sa mga karapatang sibil ng mga bilanggong pulitikal.

Sa tala ng Karapatan, hindi bababa sa 757 ang kasalukuyang bilang ng mga bilanggong pulitikal sa bansa. Mayroong 103 na matatanda at 97 ang maysakit. Umabot sa 156 ang kababaihan at mayroong 17 konsultant at istap sa usapang pangkapayapaan ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) na nakapiit. Sa ilalim ng rehimeng Marcos, inaresto at ikinulong ang hindi bababa sa 148 bilanggong pulitikal.

Malala ang mga kalagayang dinaranas ng mga bilanggong pulitikal at karaniwang bilanggong Pilipino sa loob ng mga piitan. Nahahati ang mga preso sa dalawa: 117,850 bilanggo na sumasailalim pa ng paglilitis sa korte habang nakakulong sa mga piitan ng Bureau of Jail Management and Penology at ang 53,397 na bilanggong nahatulan na at nakakulong sa mga piitan ng Bureau of Corrections.

Pangunahin nilang suliranin ang mabagal na usad ng hustisya sa bansa. Nagreresulta ito sa napakasisikip na piitan. Pinagdudusa sila sa kulang at hindi masustansyang pagkain sa piitan, mababang kalidad ng serbisyong medikal at labis na paghihigpit sa kanilang mga dalaw.

Tumatagal nang taon o hanggang ilang dekada ang mga paglilitis. Nakakalaya ang iba matapos mapawalang-sala ngunit ikinulong na ng maraming taon. Sa kaso ng mga bilanggong pulitikal, mayroong mga napapawalang-sala sa orihinal na kaso, pero hindi nakalalaya dahil sa pagsasampa ng "sapin-saping kaso" ng militar. Sa ilalim ng rehimeng Marcos, aabot na sa walong bilanggong pulitikal ang namatay sa sakit at katandaan habang mayroong 12 sa panahon ng rehimeng Duterte. Mayroon ding mga ulat na tumataas ang bilang ng mga bilanggong Pilipino na napapatiwakal dahil sa kawalan ng pag-asa.

Pakikiisa at suporta

Simula ikalawang hati ng 2024, sumigla at bumuwelo ang mga kampanya ng mga pambansa-demokratikong grupo at mga tagapagtanggol sa karapatang-tao para suportahan at palayain ang mga bilanggong pulitikal. Inilunsad ang panibagong kampanya noong Hunyo 27, 2024 sa Bantayog ng mga Bayani sa Quezon City sa pangunguna ng Samahan ng Ex-Detainees Laban sa Detensyon at Aresto at 13 pang organisasyon.

Katuwang ang grupong Kapatid, ang samahan ng mga kamag-anak ng mga bilanggong pulitikal at mga boluntir, naisagawa ang serye ng mga pagbisita at pagbibigay ng suporta sa mga bilanggong pulitikal laluna noong Disyembre 2024. Naghatid sila ng suportang materyal bilang pagdiriwang sa kapaskuhan at suportang moral para patatagin ang loob ng mga bilanggong pulitikal.

Naisagawa ang mga pagbisita sa mga kulungan sa Taguig City, Mandaluyong City, Quezon City, Muntinlupa City, Nueva Ecija, Pampanga, Tacloban City at iba pang lugar. Pumunta sa mga piitan ang mga taong-simbahan, mga manggagawang pangkalusugan, kabataang estudyante at iba pang mga sektor. Mayroon ring inilunsad na pangungulekta ng mga sulat at donasyon ang iba't ibang mga organisasyon, maging mga samahan ng migranteng Pilipino at dayuhan.

Pinakatampok sa mga pagbisita ang pagdiriwang ng misa, ikalawang beses para sa 2024, ng bagong talagang kardinal na si Cardinal Pablo Virgilio David noong Disyembre 26, 2024 sa Camp Bagong Diwa, Bicutan, Taguig City. Kabilang sa mga nakasalamuha ng kardinal ang mga detenidong konsultant sa kapayapaan ng NDFP. Nagmisa rin sa Bago City District Jail sa Negros Occidental noong Disyembre 30, 2024 si San Carlos Bishop Gerardo Alminaza.

Ipinanawagan ng dalawang lider ng simbahan ang kaagad na pagpapalaya sa mga bilanggong pulitikal. Nanawagan rin sila sa gubyerno na magpasa ng isang batas na magbibigay ng makatarungang danyos o kumpensasyon sa mga bilanggong matagal na ikinulong na kalaunan ay ipinawalang sala ng korte.

Sa lahat ng mga aktibidad na ito, ipinamalas ng mga bilanggong pulitikal ang hindi nagmamaliw nilang paninindigan at diwa para sa pambansa at demokratikong adhikain ng mamamayan. AB

Militarisasyon sa mga sakahan at komunidad sa Cebu

Umiigting ang militarisasyon at paghahasik ng terorismo ng mga pwersa ng estado sa mga sakahan at komunidad ng maralita sa Cebu. Sinusupil ng rehimeng Marcos ang pagkakaisa at paglaban ng mga Cebuano para sa kanilang mga karapatan bilang pabor sa mga panginoong maylupa at burgesyang kumprador.

Pangangamkam sa lupa sa Aloguinsan

Sapilitan at patagong pinasok at nagkampo ng humigit-kumulang 40 sundalo ng 31st Civil Military Operation (CMO) sa Sityo Camaren, Barangay Bonbon, Aloguinsan, Cebu noong Disyembre 4, 2024. Sakop ang lugar sa 168 ektrayang lupa na binubungkal ng San Roque Farmers' Association (SRFA) na malaon nang kinakamkam ng pamilyang panginoong maylupa na Gantuanco.

Hindi ito ang unang pagkakataon ng panggigipit at pagkakampo ang militar sa lugar. Noong Agosto 2011, marahas na binuwag ng mga pulis at sundalo ang mga protesta at pagkakaisa ng mga magbubukid na nanindigan laban sa pang-aagaw ng kanilang mga sakahan. Inaresto noon ang 39 lider magsasaka at mga tagasuporta ng SRFA. Ito ay sa kabila ng pagkilala ng Department of Environment and Natural Resources (DENR) sa mga magbubukid bilang lehitimong *claimant* ng lupa. Walang tigil ang panggigipit ng mga Gantuanco at militar sa kanila sa sumunod na mga taon.

Umigting muli ang atake sa SRFA noong Oktubre 2022 nang dumating sa barangay ang 31st CMO Special Company. Nagbahay-bahay ang mga sundalo para gipitin ang mga magsasaka na "magpalinis" ng kanilang mga pangalan, kapalit ang pamamahagi ng bigas, nudels, tsinelas at pera.

Tinakot ang mga magbubukid at pamilya na kung hindi pipirma ay ipakukulong ang mga ito. Sapilitan nilang "pinasurender" ang 17 magsasaka para buwagin ang SRFA. Nagtayo pa ang mga sundalo ng kontrolado nitong organisasyon ng mga magsasaka na Sta. Cruz Famers Association na kalaunan ay naging Camaren Farmers Association noong Hunyo 2023. Tahasang kinubabawan ng militar at National Task Force-Elcac ang lokal na gubyerno ng Barangay Bonbon at maging ang mga upisyal ng bayan ng Aloguinsan.

Sa harap nito, mahigpit na nananawagan ang SRFA sa mga magsasaka at lokal na gubyerno na kaagad palayasin ang militar sa komunidad. Dapat igalang ang karapatan ng mga magsasaka na manindigan laban sa mapagsamantala at mapang-aping panginoong maylupa at sa mga kasabwat nitong militar.

Militarisadong mga maralitang komunidad

Pangunahing anyo ng militarisasyong urban ang pagpakat ng mga yunit militar sa mga komunidad ng maralita sa Metro Cebu. Sa nakaraang mga buwan, iniulat ng mga maralita ang presensya ng mga elemento ng 14th CMO Battalion sa Ermita, Pasil at Mambaling. Liban dito, nag-ulat rin ng presensya ng militar ang mga maralita sa Qiout Pardo, at maging ang mga taga-Mandauae at Lapu-lapu City.



Nang magdaos ng asembliya ang mga maralita noong Disyembre 2, 2024, binisita ng mga sundalo ang mga myembro ng mga *homeowners association* para sabihan silang huwag dumalo. Laganap ang *Red-tagging*, intimidasyon at sarbeylans sa mga maralitang komunidad.

"Ginamit nila sa psychological warfare ang paulit-ulit na pagtatanong sa mga kapitbahay kung nasaan ang mga bahay ng mga lider, kahit pa alam na nila ang mga lokasyon nito... at bisitahin ang mga ito nang wala doon ang myembro o lider at ang mga anak o kapatid ang pinipilit na makipag-usap sa kanila," pahayag ng Kadamay-Cebu.

Nag-ulat din ng katulad na panggigipit ang mga myembro ng Movement against Carbon Market Privitization, asosasyon ng maliliit na manininda na tutol sa pribatisasyon ng pampublikong palengke sa Carbon. Taktika nila ang pag-alok sa mga manininda ng ayuda at tulong mula sa gubyerno kung aalis sa organisasyon.

Sa Mandaue City, iniulat ng mga residente ang pagpapabalik-balik ng 14th CMO para hanapin at gipitin ang mga myembro ng organisasyon ng maralitang lumabalan sa iligal na demolisyon. Tumulong pa ang lokal na gubyerno sa pagtuntuon sa kanila sa pamamagitan ng pagbibigay ng listahan ng mga lider nito. AB

Programang "last mile school" ng DepEd, para sa korapsyon at kontra-insurhensya

Limang taon mula nang ipatupad ang Last Mile Schools Program (LMSP) ng Department of Education (DepEd), nalalantad ang kabulukan ng programa at laganap na korapsyon dito. Ginamit din ito sa kampanyang kontra-insurhensya para buwagin ang pagkakaisa ng mga paaralang Lumad sa Mindanao.



Ang LMSP ng DepEd ay inilunsad noong Hulyo 18, 2019 para umano'y tugunan ang kakulangan ng mga pasilidad at rekurso sa malalayo at liblib na mga lugar o tinawag nitong *geographically isolated and disadvantaged areas*, na pangunahin ay mga lugar ng katutubo. Sa nagdaang limang taon, tumanggap ang programa ng hindi bababa sa ₱14.01 bilyong pondo para sa pagtatayo ng mga pasilidad at kaakibat nitong pangangailangan. Naglaan ang rehimeng Marcos ng ₱3 bilyon dito para sa 2025.

Iniulat ng Commission on Audit (COA) noong Disyembre 2024 ang kabiguan ng DepEd na kumpletuhin ang mga proyektong imprastruktura sa mga eskwelahan para sa LMSP na pinondohan noon pang 2021. Ang pagtutuos na isinagawa ng COA ay batay sa nakalap nitong datos noong Disyembre 2023.

Napag-alaman ng COA na hanggang katapusan ng 2023, hindi pa nakumpleto ng DepEd ang 76 sa 98 pasilidad na nagkakahalaga ng ₱1.4 bilyon sa ilalim ng LMSP. Lubhang naalarma ang COA na 22 lamang o 22.45% ang natapos ng DepEd kahit naglabas ito ng ₱211.23 milyon na "mobilization fees" para sa mga kontraktor.

Ang naturang mga imprastruktura ay dapat natapos sa loob ng 150 araw mula sa pagkakatanggap ng pahintulot na gawin ito at hindi dapat lalagpas ng Mayo 31, 2022. Ayon sa ulat, higit isang taon at kalahati o 555 araw na ang pagkaantala ng pagtatayo ng naturang mga silid-aralan.

Ang nakaupong kalihim ng DepEd noong 2021 hanggang 2022 sa ilalim ng gubyernong Duterte ay si Leonor Briones, na pinalitan mula Hunyo 2022 hanggang Hulyo 2024 ni Bise Presidente Sara Duterte, sa ilalim ni Marcos. Noong 2023, ipinagyabang ni Duterte na isa sa kanyang prayoridad ang LMSP. Anang mga guro, dapat singilin at papanagutin sila sa lubhang hindi maayos na pangangasiwa sa pondo at rekurso ng kagawaran.

Kampanyang kontra-insurhensya

Ayon sa mga guro, hindi lamang simpleng hindi natapos ng gubyerno ang pagtatayo ng mga gusaling ito, mas malala ay ang pagyurak sa karapatan ng mga estudyante sa eduksayon at karapatan ng mga guro sa maayos na kalagayan sa pagtuturo. Liban sa batbat ng korapsyon, ang LMSP ay tahasang nagsilbi sa kampanya kontra-insurhensya. Ang paglulunsad ng programa noong Hulyo 2019 ay nakatuntong sa pagpapasara ng rehimeng Duterte sa mga paaralang Lumad sa Mindanao na inaakusahan nitong pinatatakbo ng Partido Komunista ng Pilipinas at Bagong Hukbong Bayan.

Ilang araw bago ang pormal na paglunsad sa LMSP, iniatas ng DepEd ang pansamantalang suspensyon sa 55 paaralang Salugpungan sa rehiyon ng Davao. Batay ang desisyon ng kagawaran sa ulat ng mga upisyal militar ni Duterte na tinuturuan diumano ng mga ito ang mga kabataang Lumad at estudyante na "magrebelde sa gubyerno." Noong Hulyo 2017, nagbanta si Rodrigo Duterte na bobombahin ang mga paaralang Lumad.

Tuluyang ipinasara ng DepEd ang 55 paaralang Lumad noong Oktubre 2019. Ginamit na pagdadahilan ng kagawaran ang kabiguan ng mga paaralang ito na tumupad sa mga "rekisitos ng gubyerno." Sa sumunod na mga taon, ipinasara na ng DepEd ang lahat ng 216 mga paaralang Lumad sa Mindanao.

Sa layuning supilin ang mga organisasyon at komunidad ng mga Lumad na nangahas mag-organisa at magtayo ng sariling paaralan, ipinalit ng DepEd ang mga "last mile school" na sa katotohanan ay hindi naman naitayo o hindi maayos na pinangasiwaan.

Dati nang ipinapanawagan ng mga guro at tagapagtaguyod ng mga karapatan ng pambansang minorya na muling buksan ang mga paaralang Lumad. Itinutulak nila ito para matiyak ang karapatan sa edukasyon ng mga katutubong kabataan. AB

Imperyalistang panghihimasok sa pagbabagsak ng gubyerno sa Syria

Noong unang linggo ng Disyembre 2024, mabilis na gumuho ang gubyerno ng Syria at napatalsik ang presidente nitong si Bashar al-Assad, matapos lumusob ang kumbinasyon ng mga jihadista at mga grupong suportado, inarmasan at koordinado ng US, Turkey, Israel, at maging ng UK.

Pangunahin sa mga grupong umatake ay ang Hey'etu Tahrîri'ş-Şâm (HTS o Damascus Liberation Movement), na nagmula guho ng grupong ISIS. Tinagurian itong "terorista" ng gubyernong US, pero tumatanggap ng ayuda mula sa UK, alyado ng US sa NATO. Kasama din sa mga lumusob ang Syrian National Army, na tuwirang suportado ng Turkey, at ang Free Syrian Army (o Revolutionary Commando Army) na tuwirang sinusuportahan ng militar ng US na nakabase malapit sa hangganan ng Syria sa Iraq at Jordan.

Sa loob lamang ng 10 araw, inabot ng HTS ang Damascus, kabisera ng bansa, mula sa kuta nito sa prubinsya ng Idlib sa hilagang-kanlurang bahagi ng Syria. Daan-daang sibilyan at mga sundalong Syrian ang pinatay ng mga pwersa nito sa marahas na kampanyang saklutin ang Damascus. Mabilis nitong nalipol ang hukbong sandatahang Syrian.

Ang pagbabagsak sa rehimeng Assad ay bahagi ng sumisidhing inter-imperyalistang tunggalian sa buong mundo, at partikular sa Middle East. Resulta ito ng tuluy-tuloy na panghihimasok sa Syria ng mga dayuhang kapangyarihan, laluna ng imperyalismong US sa balangkas ng tinagurian nitong Greater Middle East Initiative na sinimulan noong pang 2004. Bahagi ng panghihimasok dito ng US ang pag-aarmas sa iba't ibang grupo mula pa 2012 at paggatong sa armadong sigalot sa bansa.

Kagyat pagbagsak ng gubyernong al-Assad, kinilala ng US ang HTS (na itinayo mula sa latak ng ISIS) at inalis ang bansag ditong "teroristang," tinurang "moderato" ang pinuno nitong si Abu Mohammad al-Jolani, na binigyan ng bagong bihis sa imperyalistang midya. Nakikialam ngayon ang imperyalismong US at UK, pati na ang Turkey, sa pagbubuo ng bagong gubyerno sa Syria. Samantala, sinamantala ng Israel ang pagbagsak ni al-Assad at kagyat inokupa ang Golan Heights, taliwas sa pagkilala ng United Nations na bahagi ito ng Syria. Naglunsad din ang Israel ng mga *airstrike* hanggang sa Damascus para palawakin pa ang sakop nitong lupain ng Syria.

Hindi maipagkakaila na ang pagpapabagsak sa gubyerno ng Syria ay bahagi ng pagpapalawak ng US at kapwa imperyalista nito sa armadong sigalot sa Middle East. Patuloy na umaarangkada ang henosidyo ng Israel sa Palestine at ang magiting na paglaban ng mga pwersang Palestino, gayundin ng mga pwersang Hezbollah at mamamayang Lebanese laban dito.

Kasabay ng paglusob sa Damascus, sinalakay din ng mga pwersang HTS, katuwang ang Syrian National Army, at suportado ng mga *airstrike* ng Turkey, ang mga pwersang Kurdish at rebolusyonaryong pwersa sa awtonomong rehiyon ng mga Kurd sa hilagang-silangang bahagi ng Syria. Ito ang lugar na Autonomous Administration of North and East Syria na kilala sa tawag na Rojava.

Ang lugar na ito ay pangunahing hawak ng YPG (People's Protection Unit) at YPJ (milisyang kababaihan) na bahagi ng Syrian Defense Forces. Matatagpuan din dito ang iba't ibang rebolusyonaryong armadong grupo, tulad ng ilang yunit ng TIKKO na Hukbo ng mga Manggagawa at Magsasaka ng Turkey (hukbo ng Partido Komunista ng Turkey-Marxista-Leninista o TKP-ML).

Ayon sa TKP-ML, hindi "rebolusyon ng mamamayan" ang naganap sa Syria kundi pamamayani ng "proyekto ng NATO" na isinagawa ng mga operatiba ng US, UK, Turkey at Israel. "Ang paglitaw at pag-unlad ng mga Salafistang *jihadist* na mga grupo, laluna ng HST na umagaw ng kapangyarihan sa Syria, ay direktang resulta ng pagsasanay at pagpopondo ng mga imperyalista at mga reaksyunaryong estado sa rehiyon." Sa pag-agaw ng kapangyarihan ng HTS, na may suporta ng US-Israel, NATO at Turkey, kumakaharap ang mamamayang Kurd, partikular na ang mga kababaihan, ng malaking banta ng pananakop at karahasan.

Marapat na manindigan ang mga pwersang anti-imperyalista at rebolusyonaryo para suportahan ang mamamayan ng Syria sa kanilang pakikibaka para sa tunay na demokrasya at pambansang kasarinlan. Sa pagpapatalsik kay al-Assad, ang Syria ay mapapailalim sa dominasyon at kontrol ng kapangyarihang US-Israel at Turkey na pakay na kontrolin ang kabuuan ng Middle East at ang mayamang rekurso nito sa langis. AB

